

# Pamamaraan ng Iniksyon



## Paano Mag-iniksyon ng FRAGMIN sa Sarili Gamit ang May Laman nang Ligtas na Hiringgilya

**HUWAG** tangkaing alisin ang hiringgilya mula sa blister na pakete gamit ang iyong mga daliri.

Sundin ang mga direksyon para sa tamang pamamaraan ng paghawak tulad ng ipinapakita sa hakbang 1 hanggang 3, maaaring makalabit ang mekanismong pangkaligtasan ng karayom, kaya hindi magagamit ang hiringgilya.

### HAKBANG 1

Ganap na tuklapin ang papel mula sa blister na pakete.



### HAKBANG 2

Paikutin ang pakete upang ang bukas na bahagi ay nakaharap sa ibaba sa pagitan ng tatlo hanggang limang sentimetro mula sa isang patag na ibabaw, tulad ng isang mesa.



### HAKBANG 3

Upang mailabas ang hiringgilya, hilahin ang mga gilid sa gitna ng blister na pakete upang lumawak ang butas ng blister. Dapat itong maging sanhi ng paglaglag ng hiringgilya mula sa blister.



### HAKBANG 4

Hugasan ang iyong mga kamay.



### HAKBANG 5

Piliin ang lugar ng iniksyon.

Ang mas pinipiling lugar ng iniksyon ay sa puso. Maaari ding iiniksyon ang FRAGMIN sa gilid ng hita, sa kondisyon na iniingatang huwag mai-iniksyon sa tisyu ng kalamnan. Pumili ng ibang lugar sa tiyan o hita para sa bawat susunod na iniksyon **gaya ng nakalarawan.**



### HAKBANG 6

Linisin ang lugar.

Punasan ang lugar na iiniksyunan ng pamunas na alkohol at hayaan itong matuyo.



### HAKBANG 7

Pulutin ang hiringgilya sa katawan nito at maghandang mag-iniksyon ng dosis ng FRAGMIN.

**HUWAG** hawakan ang mga guard activation clip ng karayom sa anumang oras habang ito ay ginagamit. Maaaring makalabit ang mekanismong pangkaligtasan ng karayom na magiging sanhi ng pag-urong (hilahin pabalik) bago maibigay ang iyong iniksyon. Magagawa nitong hindi na magagamit ang hiringgilya.



### HAKBANG 8

Tanggalin ang takip ng karayom.

Mangyaring tandaan na kailangan ang matatag na paghila upang matanggal ang takip ng karayom. Upang matiyak ang paghahatid ng buong dosis, **huwag tanggalin ang anumang maliliit na bula** mula sa may laman nang hiringgilya bago mag-iniksyon.



## HAKBANG 9

Kurutin ang isang tiklop ng balat.

Dapat ipasok ang karayom sa tiklop ng balat na nalikha ng hinlalaki at hintuturo. **Dapat mapanatili ang tiklop ng balat na ito sa buong pag-iiniksyon.**



## HAKBANG 10

Ilapat ang FRAGMIN.

Gamit ang iyong nakapamamayaning kamay, hawakan ang hiringgilya tulad ng isang lapis sa pagitan ng iyong hinlalaki at hinlalato. Sagad na pasok ang karayom nang patayo sa tiklop ng balat. Kapag naipasok na, hindi dapat igalaw ang karayom.



**Kung mag-isa kang nag-iiniksyon**, itulak ang plunger gamit ang hintuturo; **kung nag-iiniksyon ka ng ibang tao**, gamitin ang hinlalaki upang itulak ang plunger.

## HAKBANG 11

Tanggalin ang karayom at paganahin ang needle guard.

Kapag nai-iniksyon mo na ang lahat ng laman ng hiringgilya, tanggalin ang karayom **habang pinapapanatili ang tiklop ng balat at hawak pababa ang plunger, tapos ay bitawan ang balat.**



Bitawan ang plunger at hayaan ang hiringgilya na gumalaw paitaas sa loob ng device hanggang sa matakpan ang buong karayom. **Hindi mapapagana ang needle guard hangga't hindi nailalapat ang buong dosis.**

## HAKBANG 12

Matapos na mailapat ang FRAGMIN.

Diinan ng bulak ang lugar ng iniksyon sa loob ng 5-10 segundo o mas matagal. Upang maiwasan ang magkapasa, huwag kuskusin ang lugar ng iniksyon.



Itapon ang gamit nang hiringgilya sa aprubadong lalagyan. Tiyakin na itinabi ito sa hindi maaabot ng mga bata.

Ginagamit ang FRAGMIN upang maiwasan ang pamumuo ng dugo (pamumuo) kapag isinasagawa ang pag-opera, upang gamutin ang malubhang pagkakaroon ng namuong dugo sa malalalim na ugat, upang gamutin ang sintomas ng pamumuo ng dugo upang maiwasan ang muling pamumuo ng dugo sa mga pasyenteng may kanser, upang gamutin ang hindi matatag na sakit sa ugat ng puso, upang maiwasan ang pamumuo sa mga nasa panganib kapag ipinagbabawal ang madaliang pagkilos sa panahon ng malubhang sakit, at upang maiwasan ang pamumuo sa kagamitan sa blood dialysis at filtration na may kaugnayan sa malubhang panghihina ng bato o talamak na sakit sa bato.

**Mahalaga na maingat mong sundin ang mga tagubilin ng iyong doktor o nars. Mag-iniksyon sa sarili ayon sa inireseta sa buong tagal ng panahon na tinukoy ng iyong doktor.**

**Ang gomang takip ng karayom ay maaring may latex. Kausapin ang inyong doktor o parmasyutika kung nagkaroon na kayo o kasalukayang labis na sensitibo kayo sa latex (natural na goma).**

**Huwag uminom ng anumang gamot maliban sa inireseta ng iyong doktor habang gumagamit ng FRAGMIN.** Dahil ang ilang gamot ay maaaring magpatindi sa anticoagulant na epekto (hal. epekto ng pagpapalabnaw ng dugo) ng FRAGMIN, mahalaga na sabihin mo sa iyong doktor ang tungkol sa anumang gamot na iyong iniinom.

**Ilinalapat ang FRAGMIN bilang isang iniksyon sa ilalim ng balat (pang-ilalim ng balat) at hindi dapat ilapat sa kalamnan.**

**Ihinto ang paggamit ng FRAGMIN at makipag-ugnayan sa iyong doktor** kung nakararanas ka ng: matinding pagkawala ng kulay, sakit o pamamasa sa paligid ng lugar ng iniksyon; pamamasa na walang malinaw na dahilan; pagdugo ng ilong; pagdurugo mula sa bibig, gilagid, tiyan, puwit o vagina; pagdurugo sa lugar ng iniksyon o mula sa lugar ng pag-opera; mga epektong alerhiya; dugo sa ihi; o kung nakararanas ka ng stroke (pagdurugo sa loob ng utak). Para sa anumang hindi inaasahang epekto habang ginagamit ang FRAGMIN, kaagad na makipag-ugnayan sa iyong doktor o parmaseutiko.

Itabi ang may laman nang mga hiringgilya sa normal na temperatura (15-30°C).

Pakikonsulta ang polyeto ng Impormasyon para sa Mamimili sa pakete ng produkto para sa kumpletong paglalapat at impormasyong pangkaligtasan.

**Bisitahin ang [Fragmin.ca](http://Fragmin.ca) upang hanapin ang iba pang makatutulong na mga Fragmin na mapagkukunan sa Ingles at Pranses.**

**Gamitin ang numerong ito upang makapasok sa website: 02430789**



FRAGMIN © Pfizer Health AB, owner/ Pfizer Canada ULC, Licensee  
© 2022 Pfizer Canada ULC, Kirkland, Quebec H9J 2M5

PP-FRA-CAN-0267-TG

